


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan (EPP)

## Ikatlong Markahan – Modyul 5
Wastong Paraan sa Paglilinis ng Bahay at Bakuran



Name of Learner: ___________________________
Grade & Section: ___________________________
Name of School : ___________________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Ika-apat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan –Modyul 5: Wastong Paraan ng Paglilinis ng Bahay at Bakuran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang ano mang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa ano mang paraan na walang pahintulot sa kagawaran.

**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul**

**Manunulat:** EMERITA G. DUMAJEL

**Editor:** ANDRES L. PERVANDOS
VIRGILIA L. PERVANDOS

**Tagasuri:** NILDA Y. GALAURA

**Tagaguhit:** MELIETO S. SUSON

**Tagapamahala:** SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: DANILO B. ALGA

**Printed in the Philippines**

**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**

Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government CenterBalintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



# Alamin

Ang modyul na ito ay isang materyal na makakatulong sa mga mag-aaral upang matukoy at maisagawa ang mga wastong paraan ng paglilinis ng bahay at bakuran.

Ang modyul na ito ay naglalamanng mga larawan at nagpapakita ng mga hakbang upang maisagawa ng wasto ang mga paraan sa paglilinis ng bahay at bakuran. Natutukoy rin ang mga katangian ng malinis at maayos na bahay at bakuran.

**Pagkatapos ng modyulnaitoikaw ay inaasahang:**

1. Nagagamit ang mga wastong paraan sa paglilinis ng bahay at bakuran.(EPP4HE-Of-9)



## *Subukin*

**Panuto**: Piliin ang wastong salita na karugtong sa pangungusap sa loob ng kahon. Isulat ang salita sa patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| dahan-dahan | tuyong basahan | pababa | bote |
| regadera | sulok | timba | iskoba |
| walis | brush | bunot | tingting |

1. Ang mga kasangkapan ay madaling maalikabukan. Kailangang punasan ang mga ito ng __________ araw-araw.
2. Dinidiligan ang mga halaman gamit ang __________.
3. Ang pagwawalis ng sahig ay ginagawa nang ______ upang hindi lumipad ang alikabok.
4. Sa pagtanggal ng alikabok, simulan sa mataas na bahagi ng mga kasangkapan ________________.
5. Kuskusing maigi ang inidoro, tiles, at sahig sa banyo gamit ang ______ at mga produktong panlinis na angkop dito.
6. Gumamit ng _______ na may mahabang tangjay sa pag-aalis ng alikabok at agiw.
7. Itaob ang mga _______ at lata upang hindi ito maimbakan ng tubig.
8. Gumamit ng sabon, *bleach* at _______ sa paglilinis ng lababo.
9. Gumamit ng walis ________ sa pagwawalis ng bakuran.
10. Para kumimtab ang sahig gumamit nang _________.



## Balikan

Bago mo simulan ang pag-aaral muli nating alamin ang mga kagamitan sa paglilinis ng bahay.

Anu-anong mga kagamitang panlinis ang ginagamit sa loob ng bahay? Isulat sa patlang ang iyong mga sagot.

1.____________________________

2.____________________________

3.____________________________

4.____________________________

5.___________________________



## Tuklasin

Sinasalamin ng malinis na tahanan ang isang masayang pamilya. Mula sa mga magulang hanggang sa nakbabatang kapatid ay dapat tulong-tulong sa pagpapanatili ng masinop, maayos, at malinis na tahanan.



Tingnan ang mga larawan at pag-aralang mabuti kung ano ang kanilang ginagawa.








1. Alin sa mga ito ang talaga mong gawain? Isulat sa patlang ang iyong sagot.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Tuwing lailan mo ito ginagawa?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Naisasagawa mo ba ito ng maayos?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________



## *Suriin*

Ang tulong-tulong na paggawa ng mga mag-anak ay kailangan upang maging malinis at maayos ang bahay. Ang pagsunod sa wastong paaraan ng paglilinis ng bahay ay may malaking maitutulong upang makatipid sa oras, salapi, at lakas. Bahagi ng ating tahanan ang bakuran. Ang malinis na bakuran ay kaaya-ayang tingnan at nakadaragdag sa pagpapaganda ng pamayanan. Ito ay nagdudulot ng kasiyahan sa isang komunidad. Nasasalamin din sa malinis na bakuran ang pagtutulungan nga bawat kasapi ng mag-anak.

**Narito ang mga Katangian ng Malinis at Maayos na Bahay at Bakuran**.

1. Maayos na pagkakalagay o pagkakasanlansan ng mga kagamitan at kasangkapan sa bahay.
2. Walang kalat, dumi, at alikabok ang sahig. Makintab nag sahig.
3. Walang dumi o alikabok ang mga kasangkapan.
4. Maaliwalas.
5. Mabango ang buong bahay.

6. Walang laglag na dahon na nagkalat sa bakuran.
7. Walang maduming tubig na nakaimbak sa mga bote, timba, at mga lata.
8. Walang bara ang daluyan ng tubig.

Upang makamit ang mga nabanggit na katangian ng malinis at maayos na bahay at bakuran, sundin ang mga sumusunod na **Wastong Paaran sa paglilinis ng Bahay at Bakuran.**

1. **Paglilinis ng kisame** - Gumamit ng walis na may mahabang tangkay sapag-aalis ng alikabok at agiw.





2**. Magwalis –** Gumamit ng walis tambo sa pagwawalis sa sahig sa loob ng bahay. Dahan-dahan itong gawin mula sa sulok patungo sa gitna at agad itong dakutin gamit ang *dustpan*. Gumamit ng walis tingting sa pagwawalis sa bakuran. Simulan ito sa sulok hanggang sa gitna, dakutin ito at itapon sa angkop na basurahan.





3. **Pag-alis ng mga alikabok**– Gumamit ng malinis na basahan o lumang damit sa pagpunas ng mga kasangkapan maalikabok. Simulan ito sa mataas na bahagi hanggang sa pinakamababa. Punasan din ang mga pandekorasyon.





4**.** Maglampaso ng sahig gamit ang *mop*, tubig, timba, at sabon.Lampasuhin ang sahig matapos itong walisan upang masigurado na maalis ang mga nakadikit na dumi. Lampasuhin din ang iba't ibang bahagi maging ang bahagi ng sahig sa ilalim ng malaking kasangkapan. Kung marumi na ang *mop head*, banlawan ito sa malinis na tubig at iyugyog upang mas mabilis maalis ang dumi. Pigain ito at muling lagyan ng sabon bago muling ilampaso.

5. **Pagbubunot-** Matapos *i-mop* ang sahig, lagyan ito ng *floorwax*. Siguraduhing sapat lamang ang ilalagay na *floorwax* at pantay ang pagkakalagay nito. Matapos ito, maari nang bunutin ang sahig gamit ang bunot.







6. **Paglilinis ng kusina** – Siguraduhing palaging tuyoang mga kasangkapang ginagamit sa kusina. Gumamit ng sabon, *bleach*, at *brush* sa paglilinis ng lababo. Patuyuin ito.



7. **Paglilinis ng banyo** – Kuskusing magi ang inidoro, *tiles*, at sahig sa banyo gamit ang iskoba at mga produktong panlinis na angkop ditto. Banlawan ito ng maigi gamit ang malinis na sabon.



**Pagtataob ng mga bote at lata sa bakuran** – Itaob ang mga bote at lata upang hindi ito maimbakan ng tubig na maaaring pagmulan ng mga kiti-kiti. Ito ay pinagmumulan ng mga lamok na maaaring makaapekto sa ating kalusugan.





## *Pagyamanin*

**A. Malayang Gawain 1**

**Panuto:** Suriin ang sarili. Lagyan ng tsek (✓) ang tseklist kung nasunod ang tamang pamamaraan ng paglilinis ng bahay at bakuran.

| Mga Gawain/Pamamaraan | OO | HINDI |
|---|---|---|
| 1. Ginamit ang pandakot sa pagdampot ng basura at inilagay ito sa basurahan. | | |
| 2. Nasusunod ang wastong paraan ng pagwawalis sa loob ng bahay. | | |
| 3. Ginagamit ang walis tingting sa pagwawalis ng tuyong dahon sa loob at labas ng bakuran. | | |
| 4. Gumagamit ng malinis na basahan o lumang damit sa pagpunas ng mga kasangkapan maalikabok. | | |

| | | |
|---|---|---|
| 5. Itinataob ang mga bote at lata upang hindi ito maimbakan ng tubig na maaaring pagmulan ng mga kiti-kiti. | | |

**B. Malayang Pagtataya 1**

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang patlang ng bawat bilang kung ang isinasaad ng pangungusap ay mga karagdagang wastong paraan ng paglilinis ng bahay at bakuran at ekis (×) naman kung hindi.

_____1. Linisin ang daanan ng tubig o kanal upang maiwasan ang pamamahay ng mga daga at iba pang mga hayop.
_____2. Ang mga damong ligaw na tumutubo ay kailangan parin bunutin kahit hindi isama ang ugat ito.
_____3. Ang bakurang malinis ay nakatutulong sa pagkakaroon ng malinis na pamayanan.
_____4. Kinakailangang walisin ang mga tuyong dahon at ibang kalat sa loob at labas ng bakuran.
_____5. Ang mga basurang nabubulok ay kailangang itapon sa compost pit.
_____6. Ang mga basurang hindi nabubulok ay kailangang itapon sa malayong lugar.
_____7. Magsimula sa gitna ng bahay hanggang sa mga bawat sulok upang makuha lahat ng dumi at kalat.
_____8. Gumamit ng walis tambo upang makuha ang mga alikabok sa kisame.
_____9. Hayaan lamang ang mga alikabok sa mga lugar na hindi naman nakikita ng mga tao.
_____10. Ang mga bahagi ng sala na may mga kasangkapan ay nararapat na palaging nililinisan.

**C. Malayang Gawain 2**

Ang paglilinis ay maaaring ginagawa araw-araw, paminsan-minsan at lingguhan. Sa iyong tahanan, anu-ano ang mga gawaing paglilinis na ginagawa araw-araw? Paminsan-minsan? at Lingguhan?
Magbigay ng tig-tatlong halimbawa na gawain sa bawat hanay.

| **Paglilinis na Ginagawa Araw-araw** | **Paglilinis na Ginagawa Paminsan-minsan** | **Paglilinis na Ginagawa nang Lingguhan** |
|---|---|---|
| 1 | 1 | 1 |
| 2 | 2 | 2 |
| 3 | 3 | 3 |

**D. Malayang Pagtataya 2**

Panuto: Isulat ang <u>Tama</u>kung wasto ang paraan ng paglilinis at pag-aayos sa bahay at bakuran at <u>Mali</u> kung di-wasto.

_____1. Kahit may mahabang walis tambo, pumatong parin si Michael sa upuan at ginamit ang maikling walis tambo sa paglilinis ng kisame.

_____2. Gusto ni Maria na sobrang kintab ang sahig at hagdan kaya't nilagyan niya ito ng maraming floorwax kahit pa hindi na pantay ang kulay sa sobrang dami.

_____3. Binanlawan munang mabuti ni Rose ang mop at ibinabad sa sabon bago niya pupunasan ang sahig.

_____4. Nagsimulang magwalis si Jocelyn sa gitna ng kanilang bahay at natapos sa sulok.

_____5. Kahit walang nakatingin, nilampaso ni Donny ang bahagi ng sahig na natatakpan ng malalaking kasangkapan.



## Isaisip

Ang malinis at maayos na bahay at bakuran ay sumasalamin sa isang masayang bahay at pamayanan. Ang pagsunod sa wastong paraan nang paglilinis nang bahay at bakuran ay may malaking maitutulong upang makatipid sa oras, salapi, at lakas. Nakabubuting matukoy ang mga katangian ng isang malinis at maayos na bahay at tahanan, sapagkat ito ay isang magandang gawi na nararapat mahasa sa isang mag-aaral.



## Isagawa

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong na sumusunod. Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng kahon.

1. Ano ang naramdaman mo sa mga sumusunod na larawan?
2. Ano ang mga hakbang o paraan na gagawin mo sa mga sumusunod na larawan.

1.



2.



**Sa Bakuran**

Nararamdaman:

_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________

Mga hakbang o paraan:

_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________

**Sa Loob nang bahay**

Nararamdaman:

_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________

Mga hakbang o paraan:

_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________
_______________________________



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga sitwasyon sa ibaba. Piliin at bilogan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang ginagamit sa paglilinis ng kisame?
   A. Basahang basa B. Walis na tingting C. Floorwax D. Pandakot
2. Paano aalisin ang alikabok sa pigurin?
   A. Lagyan ng floorwax C. Punasan ng basahang
   B. Walisin ang pigurin D. Lampasuhan ang pigurin
3. Ano ang ginagamit sa pagpakintab ng sahig?
   A. Bunot B. Walis C. Basahan D. Pang-agiw
4. Aling bahagi ng bahay ang karaniwang laging nililinis?
   A. Sahig B. Dingding C. Kisame D. Bintana
5. Alin ang mainam na pampakintab ng sahig?
   A. Tubig B. Asin C. Floorwax D.Barnis
6. Ano ang pinakamainam na itanim sa palibot ng bahay upang masangga ang maruming hangin?
   A. Mga gulay C. Mga halamang gamut
   B.Mga punong kahoy D. Namumulaklak na halaman
7. Kailan dapat linisin ang bakuran?
   A. Araw-araw C. Minsan sa isang lingo
   B. Paminsan-minsan D. Minsan sa isang buwan
8. Paano Lilinisin ang sahig upang hindi madulas ang dumaraan?
   A. Walisan, punsan ng basang basahan, pakintabin
   B. Walisan at lagyan ng floorwax
   C. Punasan ng basang basahan at walisan
   D. Pakintabin at walisan
9. Ano ang pinakamabuting gawin sa basurang di-nabubulok?
   A. Sunugin C. Ibaon sa lupa
   B. Itapon sa kanal D. Ipagbili sa *junkshop*
10. Saan dapat ilalagay ang mga basurang nabubulok?
   A. Sa daan C. Sa *Compost Pit*
   B. Sa kanal D. Sa sapa

## *Susi sa Pagwawasto*

14

**Subukin**

1. Tuyong Basura
2. Regadera
3. Dahan-dahan
4. Pababa
5. Iskoba
6. Walis
7. Bote
8. Brush
9. Ting-ting
10. Bunot

**Malayang Pagtataya 1**

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /
6. /
7. /
8. /
9. X
10. /

**Malayang Pagtataya 2**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

**Tayahin**

1. B
2. C
3. A
4. A
5. C
6. B
7. A
8. A
9. C
10. C

## *Reference*

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng mag-aaral Pages 280-290

EPP/TLE Grade 4 K TO 12 Curriculum 2018 Edition Pages 504-507

Most Essential Learning Competencies (MELC's) pp 542 of 581